### Mga Serbisyo ng Provider

Pinangangasiwaan ng PSD ang paghawak ng lahat ng mga Katanungan sa Kriminal na Background o Criminal Background Inquiries mula sa mga provider ng IHSS na kinabibilangan ng mga provider na may ulat na Malinis, Nabigo, Hindi na Interesado, at Muling Nagsumite. Sinusuri din ng PSD ang Abiso ng Kasunod na Disposisyon o Subsequent Disposition Notifications (SDN).Tumawag sa **877.565.4477**, pindutin ang **2** at pagkatapos ay **3.**

### Health Plan (Plano sa Kalusugan)

Ang PASC ang nangangasiwa ng PASC-SEIU Homecare Workers Health Care Plan para sa mga tauhang awtorisadong mag-trabaho ng hindi kukulangin sa 74 na oras kada isang buwan ng hindi bababa sa dalawang magkasunod na buwan. Ang halaga ng Health Plan ay $1/buwan, at ang mga benepisyo ay pinamamahalaan ng L.A. Care. Tumawag sa **855.727.2756**.




## KONSEHO PARA SA MGA SERBISYONG PERSONAL NA TULONG (PASC)

3452 E. Foothill Blvd., Suite 900
Pasadena, CA 91107

Toll free: **877.565.4477**
**818.206.7000** | TTY: **626.737.7512**
Fax: **818.206.8000**
Email: **info@pascla.org**
**www.pascla.org**

@pasc_la   pasc_la   @pascihss

pascla.org


ADBOKASIYA
SUPORTA
KABUTIHANG-LOOB
INDEPENDENSIYA

20-0033

# PERSONAL ASSISTANCE SERVICES COUNCIL

Supporting and Enhancing Independence



Bisitahin kami sa internet sa
**www.pascla.org**

## Ang Layunin ng PASC

Ang **Personal Assistance Services Council** ay nagsisikap na pahusayin ang mga In-Home Supportive Services, tumutulong sa pagiging independensiya, at nagpapahusay ng kalidad ng buhay ng lahat ng mga tumatanggap at nagbibigay ng IHSS.

### Ano ang IHSS?

Ang IHSS ay nagbibigay-kakayahan sa consumers (mga matatanda, mga taong may kapansanan, kabilang ang mga bata) na kumuha ng tulong sa mga serbisyong tutulong sa kanila na manatili sa kanilang tahanan at sa komunidad. Para matuto pa, pakibisita https://dpss.lacounty.gov/en/senior-and-disabled.html

### Ano ang PASC?

Ang PASC ang pampublikong awtoridad ng IHSS sa Los Angeles County. Ang PASC ay nagbibigay ng Registry referral service para tumulong sa consumers na maghanap ng tagapag-bigay ng serbisyo, isang Back-Up Program para sa consumer na kailangang-kailangan ng pansamantalang tagapagbigay ng serbisyo, nagbibigay ng opsyonal at walang-bayad na training sa mga consumer at tagapag-bigay ng serbisyo, community outreach at adbokasiya, namamahala ng planong pangkalusugan para sa mga tagapag-bigay ng serbisyo, at ang pagkuha at pagsusuri ng criminal background check para sa mga bagong tagapag-bigay ng serbisyo.

### Registry

Ang Registry ng PASC ay nagpapadala sa mga consumer ng listahan ng mga posibleng tagapag-bigay ng serbisyo, at ang consumer ang magpapanayam at magpapasya kung nais nilang gamitin ang kanilang serbisyo. Lahat ng mga ini-refer na tagapag-bigay ng serbisyo ay nakapasa sa Criminal Background Investigation na isinagawa ng Kagawaran ng Hustiya ng California. Tumawag sa **877.565.4477**.

### Registry Engagement Coordinators

Ang mga Registry Engagement Coordinators ng PASC ay magagamit paghiniling ng consumer para tulungan sila ukol sa relasyon ng consumer/tagapag-bigay ng serbisyo, nagbibigay ng mga resources sa kanilang mga komunidad, at magtatag ng mga network ng mga consumer, tagapag-bigay ng serbisyo, at mga tagapagtaguyod upang pag-usapan ang mga kasalukuyang isyu.

### Mga Back-Up na Serbisyo

Nag-aalok ang Los Angeles County Backup Attendant Program (BUAP) at Statewide Backup Provider System (BUPS) ng tulong na pansamantalang tagapangalaga sa mga konsyumer ng IHSS na nangangailangan ng agarang suporta. Kung kailangan mo ng tulong sa pamamagitan ng programang BUAP, mangyaring tumawag sa 877.287.6789.

### Outreach

Ang mga tagapagturo ng PASC ay nagbibigay ng walang-bayad na opsyonal na pagsasanay at mga webinar at nagbibigay ng impormasyon at mga resources. Ang mga Tele Forums ay nagbibigay ng napapanahong impormasyon ukol sa mga isyu na nakaka-apekto sa mga matatanda at mga taong may disabilidad. Tumawag sa **626.737.7524** o pumunta sa **www.pascla.org** at i-klik ang Calendar.

